Filipino (Tagalog) فلبيني (تغالوغ)

Isang Sulyap sa Hajj At Umrah Batay sa Mga Uri ng Hajj [1]

Sa pagdating sa Makkah	-	'Umrah (Tawaaful-Qudoom)
Ika-walong Dhul-Hijjah	-	Pag-susuot ng Ihram`
		Pagtigil sa Mina
Ika-siyam na Dhul-Hijjah	-	Pagtayo sa 'Arafah
		Pagtigil sa Muzdalifah
Ika-sampung Dhul-Hijjah	-	Pagbabato sa Mga Haligi
		Pagsasagawa ng Sakripisyo
		Pagpapakalbo/Pag-aahit ng Ulo
		Tawaaful-Ifaadhah
Ika-labing-isa, -labing-dalawa, -labing-tatlong Dhul-Hijjah	-	Pagtigil sa Mina Para sa Pagbabato
Pamamaalam sa Makkah	-	Tawaaful-Wadaa'



Umrah (Tawaaful-Qudoom)

Tumungo sa tinakdang himpilan (Meeqaat). Sa pagpasok ng pagsasagawa ng Ihram bigkasin -

لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ بِعُمْرَة

LabbaikAllahumma bi-`umrah

Narito ako O Allah, (bilang pagtugon sa iyong panawagan) aking isinasagawa ang 'Umrah.

Sa pag-aalanganing hindi makumpleto ang 'Umrah, bigkasin -

اللَّهُمَّ مَحِلِّيْ حَيْثُ حَبَسْتَنِي

Allahumma mahillee haithu habastanee

O Allah, [kung ako ay pinigilan sa pamamagitan ng balakid, tunay kung gayon] ang aking pook ay kung saan mo ako hinadlangan.

Nakatayo, humarap sa Qiblah at bigkasin -

اللَّهُمَّ هَذِهِ عُمْرَةٌ لاَ رِيَاءَ فِيْهَا وَلاَ سُمْعَةَ

Allahumma haadhihi umrah , laa riyaa'a feehaa wa laa sum'ah

O Allah, alin ma'y hindi pagpapakita ng lubos ni hindi paghahanap ng reputasyon itong 'Umrah.

Pagkatapos malakas na bigkasin ang talbiyah -

لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ لَبَّيْك، لَبَّيْكَ لاَ شَرِيْكَ لَكَ لَبَّيْك،
إِنَّ الْحَمْدَ وَ النِّعْمَةَ لَكَ وَ الْمُلْكَ لاَ شَرِيْكَ لَك

"Labbayk Allahumma Labbayk, Labbayk la sharika laka Labbayk, Innal hamda wanni'mata laka walmulk La sharika lak"

Narito ako O Allah, (bilang pagtugon sa iyong panawagan), narito ako. Narito ako, wala Kang katambal, narito ako.Tunay na ang papuri at ang pagbibiyaya ay ukol sa Iyo at ang paghahari; wala Kang katambal.

Kapag nasa al-Masjid-Haraam na, unahin ang kanang paa sa pagpasok at bigkasin –

بسم الله اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَ سَلِّم،
اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ مِنْ فَضْلِك

Allahumma salli `alaa muhammadin wa sallim Allahumma aftah lee abwaaba rahmatika

O Allah, magpadala ng mga panalangin at kapayapaan sa Muhammad- O Allah, buksan mo para sa akin ang mga pinto ng iyong Pagpapala.

Isagawa ang Tawaf. Magsisimula sa al-Hajarul-Aswad (Ang Batong Itim) [2] , kalalakihan lamang - iwang nakalabas ang kanang balikat at ilagay ang Ihram sa ilalim ng kili-kili. Sa simula ng bawat ikot, gumawa ng antada sa pamamagitan ng pagtaas ng iyong kanang kamay at humarap sa al-Hajarul-Aswad (Ang Batong Itim) [3] , at bigkasin-

اللَّهُ أَكْبَر

Allahu Akbar

Si Allah ang Pinakadakila

Magsagawa ng pitong ikot sa Ka'bah [4] (para sa unang tatlong ikot lamang, kalalakihan lamang - tulinan ang paglalakad sa pag-ikot sa Ka'bah; Pagkatapos simulan ang ika-apat na ikot, paglalakad na may karaniwang tulin hanggang lubos na matapos ang ikapitong ikot. Sa bawa't ikot, habang nasa pagitan ng ar-Ruknul-Yamaanee (Ang Kanto ng Yemeni) [5] at Ang Batong Itim , bigkasin -

{رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَ فِي الآخِرَةِ
حَسَنَةً وَ قِنَا عَذَابَ النَّار}

Rabbanaa aatinaa fid-dunyaa hasanatan wa feel aakhirati hasanatan wa qinaa 'adhaaban naar

Panginoon namin! Pagkalooban Mo kami ng mabuti dito sa mundo at mabuti sa kabilang buhay at iligtas kami sa mga kaparusahan ng Apoy!

Takpan ang kanang balikat at tumungo sa likod ng Istasyon ni Abraham at bigkasin -

{وَاتَّخِذُوْا مِنْ مَّقَامِ إِبْرَاهِيْمَ مُصَلًّى}

Wattakhidhoo min-maqaami ibraaheema musalla

At gawin ang Istasyon ni Abraham bilang pook ng pagdarasal.

Sa likod ng Istasyon ni Abraham – kung maaari, dili kaya'y kahit saan sa loob ng al-Masjidul-Haraam: Magdasal ng dalawang rakaah naafilah; sa unang rakaah, bigkasin ang Soorah al-Kaafiroon at sa pangalawang rakaah, Soorah Ikhlaas. Pagkatapos, pumunta sa balon ng Zam-zam at inumin ang tubig doon, tapos magbuhos ng kaunti sa ulo. Bumalik sa al-Hajarul-Aswad at gumawa ng antada gamit ang kanang kamay nakaharap doon sa huling pagkakataon [2], at bigkasin -

اللَّهُ أَكْبَر

Allahu Akbar

Magsimula ng Sa'ee sa as-Safa. Ang sukat ng Sa'ee ay humigit-kumulang 1/2 km (= 0.31 milya) bawat ikot . Ang kabuuan ng pitong ikot ay mas mababa kaysa 3.5 km (= 2.17) .

Sa Paanan Ng As-Safa Bigkasin –

{إِنَّ الصَّفَا وَالْمَرْوَةَ مِنْ شَعَائِرِ اللَّهِ فَمَنْ
حَجَّ الْبَيْتَ أَوِ اعْتَمَرَ فَلاَ جُنَاحَ عَلَيْهِ أَنْ يَطَّوَّفَ
بِهِمَا وَمَنْ تَطَوَّعَ خَيْراً فَإِنَّ اللَّهَ شَاكِرٌ عَلِيْم}

Innas-safaa wal marwata min sha'aa'irillaahi faman hajjal baita 'awi`tamara falaa junaaha 'alaihi an yattawwafa bihimaa wa man tatawwa'a khiran fa'innAllaha shaakirun 'aleemun

Tunay! Ang as- Safa at al- Marwah ay kabilang sa mga Tanda ni Allah. Hindi kasalanan ang magsagawa ng Tawaaf sa pagitan ng Hajj o 'Umrah ng Tahanan. At kung sinuman ang gumawa ng may kusang-loob, tunay na si Allah ay Kalahatang Nakaka-Kilala, Kalahatang Nakakaalam. Simulan natin kung ano ang inumpisahan ni Allah.

Sa bawat oras na nasa as-Safa at al-Marwah nakaharap sa Ka'bah bigkasin -

اللَّهُ أَكْبَر، اللَّهُ أَكْبَر، اللَّهُ أَكْبَر
لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللَّهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَه، لَهُ الْمُلْكُ وَ لَهُ الْحَمْدُ يُحْيِي وَ يُمِيْتُ وَ هُوَ
عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيْر؛
لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللَّهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَه، أَنْجَزَ وَعْدَهُ
وَ نَصَرَ عَبْدَهُ وَ هَزَمَ الأَحْزَابَ وَحْدَه

Allahu Akbar Allahu Akbar Allahu Akbar - laa illaaha illallahu wahdau laa shareekalah - lahul mulku wa lahul hamdu - yuhyee wa yumeetu wa huwa 'alaa kulli shai'in qadeer - laa ilaaha illallahu wahdahu laa shareekalah - anjaza wa'dahu wa nasara ' abdahu wa hazamal ahzaaba wahdahu

Si Allah ang pinakadakila, Si Allah ang pinakadakila, Si Allah ang pinakadakila. Walang ibang karapat-dapat na sambahin maliban kay Allah; tanging Siya lamang, wala Siyang katambal. Ukol sa Kanya ang paghahari at ukol sa Kanya ang papuri. Nagbibigay ng buhay at Siya rin ang bumabawi ng buhay. Siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay. Walang ibang karapat -dapat maliban kay Allah, tanging Siya lamang, walang katambal. Tinupad Niya ang Kanyang pangako, pinagtagumpay Niya ang Kanyang Lingkod, at mag-isa Niyang ginapi ang mga magkakampi.

Tatlong ulit, gagawa ng du'aa pagkatapos ng una at ikalawang pagbibigkas lamang. Sa gitna ng paglalakad mula as-Safa hanggang al-Marwah at al-Marwah hanggang as-Safa. Pinapayagang bigkasin -

رَبِّ اغْفِرْ وَارْحَم، إِنَّكَ أَنْتَ الأَعَزُّ الأَكْرَم

Rabbighfir warham innaka antal a'azzul akram

**O Panginoon, patawarin mo ako at kaawaan,
Tunay na Ikaw ang Pinakamalakas at Pinakamarangal.**

Tapusin ang paglalakad mula as-Safa hanggang al-Marwah (unang ikot), tapos mula al-Marwah hanggang as-Safa (pangalawang ikot) at ipagpatuloy hanggang pitong ikot, matatapos sa al-Marwah. Kapag nadaanan ang berdeng ilaw, kalalakihan lamang – tumakbo mula isang ilaw hanggang sa ibang ilaw. Sa paglisan sa al-Masjidul-Haraam unahin ang kaliwang paa, bigkasin-

بسم الله اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَ سَلِّم،
اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ مِنْ فَضْلِك

Allahumma salli 'ala muhammadin wa sallim Allahumma innee 'as'aluka min fadhlika

O Allah, magpadala ng mga panalangin at kapayapaan sa Muhammad. O Allah, tunay na humihiling ako mula saiyong kagandahang loob.

Sa wakas, mga kalalakihan: Gupitan ang buhok pantay-pantay buong ulo – pinakamabuti, o ipakalbo o ipa-ahit ang ulo. Mga kababaihan: Putulan ang buhok ng katlong haba ng daliri. Hubarin ang Ihram, wala na ang lahat na pinagbabawal – at hintayin ang umaga para sa ika-walong araw ng DhulHijjah.

Ikawalong araw ng Dhul-Hijjah (Yawmut-Tarwiyah)

Sa pagitan ng pagkakataong matapos ang Fajr hanggang bago mag-Zhur:

Pagsusuot ng Ihram

Pumasok sa pagsasagawa ng Ihram [5]; Gumawa ng layunin para Hajj, bigkasin -

لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ بِحَجّ

LabbaikAllahumma bi -hajjah

Narito ako O Allah, (bilang pagtugon sa iyong panawagan) aking isasagawa ang Hajj.

Sa pag-aalanganing hindi makumpleto ang Hajj, banggitin

اللَّهُمَّ مَحِلِّيْ حَيْثُ حَبَسْتَنِي

Allahumma mahillee haithu habastanee

Nakatayo, humarap sa Qiblah at bigkasin -

اللَّهُمَّ هَذِهِ حَجَّةٌ لاَ رِيَاءَ فِيْهَا وَلاَ سُمْعَة

***Allahumma haadhihi hajjah,
laa riyaa'a feehaa wa laa sum'ah***

Pagkatapos malakas na bigkasin ang talbiyah -

لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ لَبَّيْك، لَبَّيْكَ لاَ شَرِيْكَ لَكَ لَبَّيْك،
إِنَّ الْحَمْدَ وَ النِّعْمَةَ لَكَ وَ الْمُلْكَ لاَ شَرِيْكَ لَك

"Labbayk Allahumma Labbayk, Labbayk la sharika laka Labbayk, Innal hamda wanni'mata laka walmulk La sharika lak"

Pagtigil sa Mina

Mahinahong tumungo sa Mina – magdasal nang maikling Zhuhr, Asr, Maghrib and 'Ishaa pero hindi dapat magkasama. [7].

Ika-siyam na araw ng Dhul-Hijjah (Yawmu 'Arafah)

Pagtigil sa 'Arafah

Dasalin ang Fajr, pagkatapos ng paglubog ng araw, mahinahong tumungo sa 'Arafah. Pinapayagang ituloy ang pagbigkas ng talbiyah-

لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ لَبَّيْك، لَبَّيْكَ لاَ شَرِيْكَ لَكَ لَبَّيْك،
إِنَّ الْحَمْدَ وَ النِّعْمَةَ لَكَ وَ الْمُلْكَ لاَ شَرِيْكَ لَك

Labbayk Allahumma Labbayk, Labbayk la sharika laka Labbayk, Innal hamda wanni'mata laka walmulk La sharika lak

at ihayag din ang Kadakilaan ni Allah sa pamamagitan ng pagbigkas -

اللَّهُ أَكْبَر

Allahu Akbar

Tumigil sa Namirah [8] at manatili doon hanggang matapos ang Zawaal (katirikan ng araw – walang lilim). Pagkatapos mahinahong pumunta sa 'Uranah [8] at makinig sa Khutbah. Sa oras ng Zhuhr, magdasal ng Zhuhr at 'Asr (paiikliin at pagsamahin), pagkatapos ng isang Adhaan at dalawang Iqaamah's. Huwag magdasal ng kahit ano sa gitna nitong dalawang dasal, at huwag din magdasal ng kahit ano pagkatapos ng 'Asr. Pagkatapos mahinahong tumungo sa 'Arafah, tumigil doon hanggang sa takipsilim. Tumayo sa mga bato, sa ibaba ng Bundok ng Biyaya (Jabalur-Rahmah); kung hindi, ang lahat ay tatayo sa 'Arafah. Nakaharap sa Qiblah, nakataas ang mga kamay , magsumamo at bigkasin ang talbiyah -

لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ لَبَّيْك، لَبَّيْكَ لاَ شَرِيْكَ لَكَ لَبَّيْك،
إِنَّ الْحَمْدَ وَ النِّعْمَةَ لَكَ وَ الْمُلْكَ لاَ شَرِيْكَ لَك

"Labbayk Allahumma Labbayk, Labbayk la sharika laka Labbayk, Innal hamda wanni'mata laka walmulk La sharika lak"

Hinihikayat na madalas banggitin ang sumusunod -

لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللَّهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَه، لَهُ الْمُلْك،
وَ لَهُ الْحَمْد، وَ هُوَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيْر

Laa ilaha illAllahu wahdahu laa shareeka lahu lahul mulk wa lahul hamdu wa huwa 'alaa kulli shay'in qadeer

Walang ibang karapat-dapat na sambahin maliban kay Allah; walang katambal. Sa Kanya lamang ang paghahari at sa Kanya lamang nauukol ang pagpupuri. At Siya ay makapangyarihan sa lahat ng bagay.

Ito ang pinakamabuti at dakilang araw para bigkasin ang pagmamakaawa. Pagkatapos ng paglubog ng araw, mahinahong pumunta sa Muzdalifah.

Pagtigil sa Muzdalifah

Magdasal ng Maghrib at samahan ng 'Ishaa na pinaikli[7], pagkatapos ng isang Adhaan at dalawang Iqaamah's. Huwag magdasal ng kahit ano sa gitna ng dalawang dasalin,o kahit ano pagkatapos ng Witr. Matulog hanggang Fajr.

Ika-sampung araw ng Dhul-Hijjah (Yawmun-Nahr)

Magdasal ng Fajr sa pinakamaagang oras. Mahinahong tumungo sa al-Mash'arul-Haraam[10], umakyat sa sandaling ito. Kung hindi maaari, lahat ay nakatayo sa lugar ng Muzdalifah. Nakaharap sa Qiblah, purihin si Allah sa pamamagitan ng pagbigkas -

اَلْحَمْدُ لِلَّه

Alhamdu lillahi

Lubos na pagpupuri para kay Allah.

at ipahayag ang Kadakilaan ni Allah sa pamamagitan ng pagbigkas-

اللهُ أَكْبَر

Allahu Akbar

Si Allah ang Pinakadakila.

pagkatapos ipahayag ang Kaisahan ni Allah sa pamamagitan ng pagbigkas -

لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللَّه

Laa ilaha illAllah.

Walang ibang karapat-dapat na sambahin maliban kay Allah; walang katambal.

at sa wakas, magsumamo hanggang sa magpakita ang dilaw na liwanag ng araw – bago sumikat ang araw. Bago sumikat ang araw, mahinahong tumungo sa Mina[11], binibigkas ang talbiyah -

لَبَّيْكَ اللَّهُمَّ لَبَّيْك، لَبَّيْكَ لاَ شَرِيْكَ لَكَ لَبَّيْك،
إِنَّ الْحَمْدَ وَ النِّعْمَةَ لَكَ وَ الْمُلْكُ لاَ شَرِيْكَ لَك

"Labbayk Allahumma Labbayk, Labbayk la sharika laka Labbayk, Innal hamda wanni'mata laka walmulk La sharika lak"

Pagbabato sa mga Haligi ❸

Sa Muzdalifa, manguha ng mga bato.[11] Sa gitna ng mga oras matapos ang takipsilim hanggang gumabi, mahinahong tumungo sa Jamaratul-'Aqabah al-Kubraa❸[16] para sa pagbabato. Nakaharap sa Jamarah, ang Makkah sa iyong kaliwa at Mina sa iyong kanan, ibato ang bawat isa sa pitong mga bato sa Jamarah binibigkas -

اللهُ أَكْبَر

Allahu Akbar

(pagkatapos ng pagbabato)

Pagsasagawa ng Sakripisyo

Kung nabili na ang tiket para sa sakripisyo ng al-Hadee, ito ay pinapayagang alternatibo, kung hindi, mahinahong tumungo sa bahay patayan sa Mina para sa sakripisyo[12]. Sa pagpapatay, bigkasin -

بِسْمِ اللهِ وَ اللهُ أَكْبَر
اللَّهُمَّ إِنَّ هَذَا مِنْكَ وَ لَكَ اللَّهُمَّ تَقَبَّلْ مِنِّي

Bismillaahi WAllahu Akbar Al-Laahumma Inna Hadha Minka Wa Laka Al Lahumma Taqabbal Minnee

Sa Ngalan ng Allah; Ang Allah ang Pinakadakila. O Allah, Saiyo nagmula at pag-aari mo ito. O Allah, tanggapin mo ito na nagmula sa akin.

Pagkalbo ng Ulo ✂

Pagkatapos ng sakripisyo, mga kalalakihan: pagpapakalbo o pagaahit ng ulo ay higit na mabuti, o pagputol ng buhok pantay-pantay sa buong ulo; Mga kababaihan: Putulan ang buhok ng katlong haba ng daliri. Hubarin ang Ihram, wala na ang lahat na pinagbabawal, maliban sa relasyong marital. Mahinahong tumungo sa Makkah para isagawa ang Tawaaful-Ifaadhah

Tawaaful-Ifaadhah

Sa pagpasok sa al-Masjidul-Haraam gamit ang kanang paa, bigkasin –

اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَ سَلِّم،
اللَّهُمَّ افْتَحْ لِي أَبْوَابَ رَحْمَتِك

Allahumma salli `ala muhammadin wa sallim Allahumma aftah lee abwaaba rahmatika

Walang Iharam na kailangan. Mag-umpisa sa al-Hajarul-Aswad (Batong Itim)[1] Habang inuumpisahan ang bawat ikot, gumawa ng antada gamit ang kanang kamay nakaharap sa Hajarul-Aswad [3], at bigkasin -

اللهُ أَكْبَر

Allahu Akbar

Paglalakad ng may karaniwang tulin, gumawa ng pitong ikot sa Ka'bah[3]. Sa bawat ikot, habang nasa pagitan ng Sulok ng Yemen[5] (ar-Ruknul-Yamaanee)[4] at ang Batong Itim (al-Hajarul-Aswad), bigkasin -

{رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَ فِي الآخِرَةِ
حَسَنَةً وَ قِنَا عَذَابَ النَّار}

Rabbanaa aatinaa fid-dunyaa hasanatan wa feel aakhirati hasanatan wa qinaa 'adhaaban naar

Pagkatapos pumunta sa Istasyon ni Abraham at bigkasin -

{وَاتَّخِذُوْا مِنْ مَّقَامِ إِبْرَاهِيْمَ مُصَلًّى}

Wattakhidhoo min-maqaami ibraaheema musalla

Sa likod ng Istasyon ni Abraham – kung maaari, dili kaya'y kahit saan sa loob ng al-Masjidul-Haraam: Magdasal ng dalawang rakaah naafilah; sa unang rakaah, bigkasin ang Soorah al- at sa pangalawang rakaah Soorah Ikhlaas. Pagkatapos, pumunta sa balon ng Zam-zam at inumin ang tubig doon, tapos magbuhos ng kaunti sa ulo. Bumalik sa al-Hajarul-Aswad at gumawa ng antada gamit ang kanang kamay nakaharap doon sa huling pagkakataon[3], at bigkasin -

اللهُ أَكْبَر

Allahu Akbar

Simulan ang Sa'ee at as-Saf. Sa paanan ng as-Safa bigkasin –

{إِنَّ الصَّفَا وَالْمَرْوَةَ مِنْ شَعَائِرِ اللَّهِ فَمَنْ
حَجَّ الْبَيْتَ أَوِ اعْتَمَرَ فَلاَ جُنَاحَ عَلَيْهِ أَنْ يَطَّوَّفَ
بِهِمَا وَمَنْ تَطَوَّعَ خَيْراً فَإِنَّ اللَّهَ شَاكِرٌ عَلِيْم}

Innas-safaa wal marwata min sha'aa'irillaahi faman hajjal baita 'awi`tamara falaa junaaha 'alaihi an yattawwafa bihimaa wa man tatawwa'a khiran fa'innAllaha shaakirun 'aleemun

Sa bawat oras na nasa as-Safa at al-Marwah nakaharap sa Ka'bah bigkasin -

اللَّهُ أَكْبَر، اللَّهُ أَكْبَر، اللَّهُ أَكْبَر
لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللَّهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَه، لَهُ الْمُلْكُ وَ لَهُ الْحَمْدُ يُحْيِي وَ يُمِيْتُ وَ هُوَ
عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيْر؛
لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللَّهُ وَحْدَهُ لاَ شَرِيْكَ لَه، أَنْجَزَ وَعْدَهُ
وَ نَصَرَ عَبْدَهُ وَ هَزَمَ الأَحْزَابَ وَ حْدَه

Allahu Akbar Allahu Akbar Allahu Akbar - laa illaaha illallahu wahdahu laa shareekalah - lahul mulku wa lahul hamdu - yuhyee wa yumeetu wa huwa 'alaa kulli shai'in qadeer - laa ilaaha illallahu wahdahu laa shareekalah - anjaza wa'dahu wa nasara ' abdahu wa hazamal ahzaaba wahdahu

Tatlong ulit, gagawa ng du'aa pagkatapos ng una at ikalawang pagbibigkas lamang. Sa gitna ng paglalakad mula as-Safa hanggang al-Marwah at al-Marwah hanggang as-Safa. Pinapayagang bigkasin-

رَبِّ اغْفِرْ وَارْحَم، إِنَّكَ أَنْتَ الأَعَزُّ الأَكْرَم

Rabbighfir warham innaka antal a'azzul akram

Tapusin ang paglalakad mula as-Safa hanggang al-Marwah (unang ikot), tapos mula al-Marwah hanggang as-Safa (pangalawang ikot) at ipagpatuloy hanggang pitong ikot, matatapos sa al-Marwah. Kapag nadaanan ang berdeng ilaw, kalalakihan lamang – tumakbo mula isang ilaw hanggang sa ibang ilaw. Sa pagtatapos ng Sa'ee, wala na ang lahat ng pinagbabawal pati na rin ang pakikipagtalik. Sa paglisan sa al-Masjidul-Haraam unahin ang kaliwang paa, bigkasin-

اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَ سَلِّم،
اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ مِنْ فَضْلِك

Allahumma salli 'ala muhammadin wa sallim – Allahumma innee 'as'aluka min fadhlika

Ika-labing-isa at Ika-labindalawang araw ng Dhul-Hijjah (Ayyaamut-Tashreeq)

Pagtigil sa Mina Para sa Pagbabato

❶❷❸

Mula sa pagitan ng panahong matapos ang Zawaal (katirikan ng araw – walang lilim) hanggang gumabi, batuhin ang lahat ng tatlong Jamarahs, 21 ang kailangan bawat araw (63 ang kabuuan)❶❷❸. Nakaharap sa unang Jamarah, as-Sughraa[14] (pinakamalit), ang Makkah sa iyong kaliwa at Mina sa iyong kanan, ibato ang bawat isa sa pitong bato sa Jamarah binibigkas -

اللهُ أَكْبَر

Allahu Akbar

(pagkatapos ng bawat pagbato)

- pagkatapos ng bawat pagbato. Pagkatapos batuhin ang unang Jamarah❶, humarap sa Quiblah(unang Jamarah ay nasa iyong kanan) itaas ang mga kamay at magmakaawa sa iyong mga kahilingan. Pagkatapos, mahinahong pumunta sa pangalawa (isang nasa gitna) Jamarah❷. Humarap sa pangalawang Jamarah, al-Wustaa[15], ang Makkah sa iyong kaliwa at Mina saiyong kanan, ibato ang bawat isa sa pitong bato sa Jamarah at binibigkas -

اللهُ أَكْبَر

Allahu Akbar

(pagkatapos ng bawat pagbato)

Pagkatapos batuhin ang pangalawang Jamarah, humarap sa Quiblah (pangalawang Jamarah ay nasa iyong kanan) itaas ang mga kamay at magmakaawa sa iyong mga kahilingan. Pagkatapos, mahinahong pumunta sa pangatlong Jamarah❸, al-'Aqabah al-Kubraa[16], ang Makkah sa iyong kaliwa at Mina sa iyong kanan, ibato ang bawat isa sa pitong bato sa Jamarah at bigkasin -

اللهُ أَكْبَر

Allahu Akbar

(pagkatapos ng bawat pagbato)

Pagkatapos batuhin ang ikatlo at pinakahuling Jamarah, kumilos pasulong nang walang pagsusumamo. Pagkatapos ng huling pagbabato sa ika-labintatlong araw ng Dhul-Hijjah[17], mahinahong lumabas sa Mina at tumungo sa Makkah. Bago ang huling paglisan mula Makkah, isagawa ang Tawaaful-Wadaa' (Pamamaalam na Tawaf) bilang iyong huling gawain.

Tawaaful-Wadaa (Pamamaalam)

Sa pagpasok sa Masjidul-Haraam gamit ang kanang paa, bigkasin

بسم الله اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَ سَلِّم،
اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ مِنْ فَضْلِك

Allahumma salli `ala muhammadin wa sallim – Allahumma aftah lee abwaaba rahmatika

Walang kailangang Ihram. Magsimula sa al-Hajarul-Aswad[2] (Ang Batong Itim) Habang nagsisimula sa bawat pag-ikot, gumawa ng antada , gamit ang kanang kamay na nakaharap sa al-Hajarul-Aswad (Ang Batong Itim)[3], at bigkasin

اللهُ أَكْبَر

Allahu Akbar

Paglalakad na may karaniwang tulin, gumawa ng pitong pag-ikot sa Ka'bah[4]. Sa bawa't pag-ikot, habang nasa gitna ng ar-Ruknul-Yamaane[5] and al-Hajarul-Aswad, bigkasin -

{رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَ فِي الآخِرَةِ
حَسَنَةً وَ قِنَا عَذَابَ النَّار}

Rabbanaa aatinaa fid-dunyaa hasanatan wa feel aakhirati hasanatan wa qinaa 'adhaaban naar

Sa pagtatapos ng Tawaaful-Wadaa, ikaw ay maaari nang bumalik sa iyong tahanan. Wala nang ibang kailangang tuparin para sa ritwal ng Hajj. Sa pag-alis sa al-Masjidul-Haraam gamit ang kaliwang paa, bigkasin -

بسم الله اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَ سَلِّم،
اللَّهُمَّ إِنِّي أَسْأَلُكَ مِنْ فَضْلِك

Allahumma salli 'alla muhammadin wa sallim – Allahumma innee 'as'aluka min fadhlika[10]

Punong Tala

1 May tatlong uri ng Hajj: Tamattu' ('Umrah, Hajj, dapat magpatay), Qiran ('Umrah, Hajj, dapat magpatay), at Ifrad (Hajj, dapat magpatay).

2 Kung maari, kumapit sa lugar sa pagitan ng sulok ng al-Hajarul-Aswad (Ang Batong Itim) at ang pinto, nakalagay ang dibdib, mukha at mga bisig sa lugar na ito.

3 Kung maaari, hipuin ang al-Hajarul-Aswad (Ang Batong Itim) ng kanang kamay at halikan din ang al-Hajarul-Aswad (Ang Batong Itim) , pagkatapos magpatirapa sa mga ito - ito ang pinakamabuti; kung hindi, hipuin ito ng iyong kanang kamay at pagkatapos halikan ang kanang kamay; kung hindi, simpleng gumawa ng antada sa harapan nito gamit ang kanang kamay

4 Walang tiyak na du'aa habang naglalakad sa paligid ng Ka'bah, bukod sa mga nabanggit sa pagitan ng ar-Ruknul-Yamaanee (Ang Sulok ng Yemeni) hanggang sa al_Hajarul-Aswad (Ang Batong Itim). Kaya maaari mo nang bigkasin ang Quran o kahit na anong du'aa sa ikalulugod mo.

5 Kung maaari, hipuin ang Ar-Ruknul-Yamaanee (Sulok ng Yemeni) sa bawat oras (pero huwag halikan ito) – ito ang pinakamabuti; kung hindi, huwag na lang gumawa ng antada sa harap nito.

6 Kahit saan ka man nakatira – otel, bahay, at iba pa.

7 Magdasal ng dalawang beses ng Fard para Zhuhr, 'Asr and 'Ishaa. Maghrib ay hindi dapat paiiklin, at ang natitirang tatlo na Fard. 'Ishaa ay dapat masundan ng Witr.

8 Isang pook na malapit sa 'Arafah – mayroon na ngayong Masjid doon. Kung hindi ito maaari, pinapayagan magtungo sa 'Arafah.

9 Isang pook na napakalapit sa 'Arafah kaysa sa Namirah. Kung hindi maaari, pinapayagang tumungo sa 'Arafah.

10 Isang bundok sa Muzdalifah.

11 Kapag dumadaan na kayo sa lambak ng Muhassar, madaliin ang pagdaan doon.

12 Mangangailangan ka lamang ng pitong (7) maliliit na bato sa ika-sampu, at anim-napu't tatlo pagkatapos. Hindi dapat ito mas malaki sa gisantes. (humigit – kumulang sa 1 centimetro sa kabuuan = 0.39 pulgada).

13 O kahit na anong tinakdang pook.

14 Ang isang pinakamalapit sa Masjidul-Khayf.

15 Ang nasa gitna ng tatlo.

16 Ang isang pinakamalapit sa Makkah.

17 Pinapayagang magsagawa ng Tawaaful-Wadaa' sa ika-labindalawang araw ng Dhul-Hijjah (hannga't dapat makaalis sa Mina bago mag-takipsilim), sa gayon mawawala ang tinagubiling (pero hindi ito sapilitan) ikatlong araw ng pagbabato.

Huwag kakalimutan ang mga ito: ♦Magbayad ng mga utang ♦Pagtutuwid ng mga kamalian ♦Isulat ang iyong mga kagustuhan

Para sa karagdagang kopya:
The Islamic Bulletin, PO Box 410186,
SF, CA 94141-0186 USA ♦E-Mail: info@islamicbulletin.org
Web: www.islamicbulletin.org (Enter Here ♦Haj ♦Filipino)
(Urdu, Turkish, Spanish at iba pang mga wika ay makukuha)

Filipino (Tagalog) فلبيني (تغالوغ)